

Hulyo 2009

## Programang Pabakuna laban sa Meningococcal Disease para sa Ika-7 Baytang

### **Ano ang meningococcal disease o meningitis?**

Ang meningococcal disease ay isinasanhi ng bakteryang *Neisseria meningitidis*. Maraming malusog na tao (mahigit-kumulang 10% ng buong populasyon) ang mayroong bakteryang ito sa kanilang lalamunan o ilong. Sa mga di-karaniwang pagkakataon, maaaring talunin ng bakterya ang mga likas na pangdepensa ng ating katawan at magsanhi ng mga malalang sakit tulad ng meningitis (impeksyon ng lining ng utak) at *septicemia* (impeksyon ng dugo). Maraming iba't ibang tipo ng bakteryang ito. May limang tipo, kabilang ang A, B, C, Y at W-135, na maaaring magsanhi ng impeksyon.

Ang meningococcal meningitis ay di-pangkaraniwan. May mahigit-kumulang 10 hanggang 20 kaso nito bawat taon sa Toronto at 10% ng mga kasong ito ay mamamatay. Maaring tamaan ng sakit na ito ang taong nasa anumang edad, bagamat mas karaniwan ito sa mga teenager, mga kabataang nasa edad na (young adults) at mga sanggol na mababa sa isang taong gulang.

### **Anu-ano ang mga sintomas ng sakit na ito?**

Maaaring mabilis na lumabas ang mga sintomas at makapagpalubha sa karamdaman ng isang tao. Kabilang sa mga nauunang sintomas ang biglaang pagkakalagnat, matinding sakit ng ulo, pagduduwal, pagsusuka, at pagkapagal na sinusundan ng paninigas ng leeg, pagiging maselan sa ilaw, pagkahilo at isang pula/lilang pantal.

### **Paano nakakakuha ng meningococcal disease ang isang tao?**

Kumakalat ang sakit na ito sa laway sa pamamagitan ng pagkakalapit ng mukha, kadalasan sa pamamagitan ng paghalik o pagbabahaginan ng pagkain, inumin, instrumentong pangmusika, bote ng tubig, sigarilyo o iba pang bagay na nanggaling na sa bibig ng taong may ganitong sakit. Hindi ito kumakalat kung nasa parehong silid-aralan o bus ang isang taong may ganitong sakit.

### **Gaano kabilis nagpapakita ang mga sintomas pagkatapos ng impeksyon?**

Kadalasang lumalabas ang mga sintomas sa loob ng 2 hanggang 10 araw matapos mailantad sa bakterya ang isang tao.

### **Maari bang gamutin ang sakit na ito?**

Kabilang sa paggamot nito ang mga antibiyotiko at napapanahong pangangalagang medikal. Kahit may tamang paggamot, maaaring maging malala ang sakit na ito at magsanhi ng malubhang komplikasyon o kamatayan.

### **Sino ang nasa higit na panganib ng pagkakaroon ng meningococcal disease?**

Maaaring dapuan ng sakit na ito ang mga taong nasa anumang edad. Nasa higit na panganib ang mga batang mababa sa 5 taong gulang, kabataan (adolescents) at mga kabataang nasa edad na (young adults). Ang mga taong malapit sa mga may meningococcal disease o ang mga taong walang spleen o immunocompromised ay nasa higit na panganib din.

### **Maaari bang pigilan ang meningococcal disease?**

Oo. Dapat iwasan ng lahat ang pagbabahaginan ng mga baso/tasa, bote ng tubig, sigarilyo, pagkain at iba pang gamit sa pagkain. Laging linisin ang mga bahaging ng mga instrumentong pangmusika na nilalapatan ng bibig bago at pagkatapos gamitin ito. Marami ring makukuhang bakuna na nagbibigay-proteksyon laban sa ilang tipo ng meningococcal disease. Ang Menactra<sup>®</sup> ay nagbibigay-proteksyon laban sa apat na tipo ng sakit na ito kabilang ang A, C, Y at W-135 meningococcal disease at ang

# Mga Datos

Meningitec<sup>®</sup>, Menjugate<sup>®</sup>, NeisVac-C<sup>®</sup> naman ay nagbibigay-proteksyon laban sa tipong C ng meningococcal disease.

## **Sino ang maaaring makakuha ng libreng bakunang Menactra<sup>®</sup>?**

Lahat ng estudyanteng nasa ika-7 baytang sa Ontario na hindi pa nakakakuha ng nakaraang dosis ng Menactra<sup>®</sup> ay maaaring makakuha ng libreng bakunang ito sa mga klinikang nakabase sa mga eskwelahan. Ang bakunang ito ay hindi makukuha nang libre mula sa inyong doktor.

## **Anu-ano ang mga posibleng di-inaasahang epekto ng Menactra<sup>®</sup>?**

Napatunayan nang ligtas ang lahat ng mga sangkap ng bakunang ito. Kabilang sa mga karaniwang epekto nito ang pananakit, pamumula at pamamaga ng bahagi ng katawan kung saan itinurok ang bakuna. Maari itong tumagal nang ilang araw. Kabilang sa ibang mga di-pangkaraniwang epekto ng bakuna ang sakit ng ulo, pagkapagal, pagiging irritable at pagkaantok. Ang ibang malubhang epekto, kabilang ang Guillain-Barré Syndrome (GBS), ay madalang na naiulat pagkatapos ng pagtuturok ng Menactra<sup>®</sup>. Ang GBS ay isang di-pangkaraniwang neurolohikal na sakit na maaaring humantong sa pagkaparalisa ng mga laman (muscles). Hindi pa natitiyak na itinataas ng Menactra<sup>®</sup> ang panganib ng GBS sa mga kumukuha ng bakunang ito.

## **Sinu-sino ang hindi dapat kumuha ng bakunang Menactra<sup>®</sup>?**

Hindi dapat magpabakuna ng Menactra<sup>®</sup> ang mga estudyante kung sila ay nakakuha na ng bakunang ito, nagkaroon ng malubhang reaksyon sa naunang bakuna laban sa bakteryang meningococcal o may alerhiya sa bakunang ito o anuman sa mga sangkap nito. Ang mga indibidwal na may kasaysayan ng Guillain-Barré Syndrome ay hindi rin dapat kumuha ng bakunang ito.

Ang mga taong nakakuha na ng Menomune<sup>®</sup>, isa pang bakuna laban sa meningococcal disease, ay dapat maghintay ng di-kukulang sa 6 buwan bago kumuha ng bakunang ito. Ang mga indibidwal na nabakunahan na ng kaugnay na bakunang meningococcal, kabilang ang bakuna laban sa meningitis C, ay dapat maghintay ng di-kukulang sa isang buwan bago magpabakuna ng Menactra<sup>®</sup>.

## **Saan ako makakakuha ng Menactra<sup>®</sup>?**

Simula September 2009, ang Toronto Public Health (TPH) ay magbibigay ng libreng bakunang Menactra<sup>™</sup> sa mga estudyanteng nasa ika-7 baytang sa pamamagitan ng mga klinikang nakabase sa mga eskwelahan. Papalitan ng Menactra<sup>®</sup> ang bakuna laban sa meningitis C na ibinigay sa mga nakaraang taon. Ang bakuna laban sa meningitis C ay hindi na ibibigay ng mga klinikang nakabase sa eskwelahan, ngunit patuloy na ibibigay ng mga klinika ng TPH na nakabase sa mga komunidad at mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan sa mga indibidwal na maaaring kumuha nito.

Tatanungin ng Toronto Public Health ang inyong anak Nurses tungkol sa ilang mga bagay bago sila bakunahan, tulad ng kalusugan ng inyong anak sa araw na iyon, ang pangkalahatang kalagayan ng kanyang kalusugan, mga alerhiya sa mga bakuna o gamot, mga gamot na kasalukuyan niyang iniinom, mga nakaraang problema sa pagpapabakuna at mga nakaraang bakunang meningococcal.

Sa araw ng klinika, pagsuotin ang inyong anak ng damit na may maikling manggas upang mapadali ang pagbabakuna at pakainin ng sapat ng almusal o tanghalian ang inyong anak bago siya magpabakuna.

## **Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?**

Para sa karagdagang impormasyon at skedyul ng mga klinika sumadya sa [www.toronto.ca/health](http://www.toronto.ca/health) o tumawag sa Immunization Information Line sa 416-392-1250.